# Ang patay-gutom

Nakatayo sa gilid ng basurahan ang isang patay-gutom. Pinagmamasdan niya ang magarang kainan sa kabilang kalsada. Naghihintay siya ng pagkakataon na mahagisan ng pagkain ng mga lumalabas sa restawran.

Nang mahagisan siya ng supot ng pagkain ay bigla namang nagsidatingan ang iba pang patay-gutom at nakipag-agawan sa kanya. Dahil mas malakas ang mga ito ay natalo siya, kaya't muli siyang bumalik sa paghihintay. Habang naghihintay ay pinagmamasdan niya ang mga tao sa loob ng kainan at hindi niya maiwasang mainggit sa kalagayan ng mga ito.

Makalipas ang ilang oras ay may dumating na pagkakataon upang makakuha siya ng pagkain. Ibinuhos niya ang lahat ng kanyang lakas upang makuha ang pagkain. Magtagumpay kaya siya sa pagkuha nito?

**Ang patay-gutom**

Nanginginig ang mga tuhod ng patay-gutom habang siya'y nakatunghay sa marangyang kainan sa kabilang kalsada. Ayaw niyang maupo sa takot na hindi siya muling maitayo ng maninipis niyang mga binti.

Hapis ang kanyang mukha at buto't balat ang kanyang katawan. Puro grasa at dumi ang kanyang mukha at balat, ngunit hindi niya ito napapansin. Parang nakakakapal pa nga ng balat ang dumi kaya't halos nagiging panlaban niya rin ito sa mga lamok na kanina pa dumadapo sa kanya.

Ilang oras na siyang nakatayo sa tabi ng basurahan sa gilid ng kalsada. Ilang oras na rin ang lumipas nang isang supot ang inihagis sa kanyang tapat. Inihagis ito ng isang batang lulan ng sasakyang galing sa isang magarang kainan. Ang marangyang kainan na ngayon ay kanyang pinagmamasdan. Nang lapitan niya ang supot ay bigla na lamang siyang sinunggaban ng mga tulad niyang hayok sa kaunting biyayang panlaman sa tiyan. Nakipag-agawan siya. Nakipag-away. Kuko sa kuko, ngipin sa ngipin. Ngunit ang buto't balat niyang katawan ay walang laban sa mga katawang pinagtibay ng hirap at gutom tulad ng kanyang dinaranas ngayon.

Kailan nga ba siya huling nakakain? Kahapon? Noong isang araw? Kamakalawa? Naghahalo na ang mga araw sa kanyang isipan. Kailan nga ba niya huling naranasan ang

mabusog? Ah, parang isang napakalayong alaala na ito, parang isang panaginip. Ni hindi na siya marunong kumilatis ng lasa. Alat, asim, tamis, pait – naghahalo na ang lahat. Kahit anong lasa, basta't laman tiyan, ayos na.

Hindi na rin niya maalala kung papaano nga ba siya napadpad sa lugar na ito. Palipat-lipat lang naman siya mula isang basurahan patungong kabilang basurahan. Mas maganda kung malapit ang basurahan sa isang kainan tulad nito dahil mas malaki ang pagkakataong makakuha ng pagkain.

Kung katulad lamang ng mga nakaka-ayos sa buhay ang buhay niya, sana siya ay nakapaligo na kaninang umaga. Dapat sana'y nakakain na siya ng umagahan at tanghalian. Dapat sana'y naglalaro siya ngayon kasama ng ibang ka-edad niya. Ngunit sa sitwasyon niya ngayon, wala siyang oras at lakas para maglaro.

Sa bintana ng kainan ay kitang kita niya ang isang batang halos itapon na ang pagkain. Pinipilit siya ng kanyang ina na sumubo, ngunit tinatabig lamang niya ang kutsarang puno ng kanin at ulam, dahilan upang matapon ito sa sahig. Hindi mapigilan ng patay-gutom ang mag-ngitngit sa inis. Heto siya't naghihintay ng mga mumo sa sahig, kaunting butil ay ipinagpapasalamat, samantalang ang batang ito ay walang pakundangan ang pagtapon sa pagkain. Kung alam lang sana niya kung papaano magutom, siguradong hindi niya ito gagawin. Kung sino pa ang may gusto sa pagkain, ay siya pang pinagkakaitan nito, at kung sino pa ang ayaw nito ay siya naming binibigyan ng sagana?

Napatingin siya sa ina ng bata. Halata ang pagka-dismaya sa mukha nito, ngunit walang magawa sa inaasal ng anak.

Siya, nasaan na nga ba ang kanyang ama't ina? Hindi rin niya alam. Para bang isa siyang kabute na basta na lamang sumulpot sa mundong ito. Hindi alam kung saan pupunta, pero tiyak ang patutunguhan. Araw-araw ay nakikipag-agawan sa mga tulad niyang kabute para sa kakaunting biyayang bumabagsak mula sa langit -- o mula sa kamay ng mga taong dinadaan-daanan lang sila. Ni hindi sila sinusulyapan ng mga ito, na para bang pag madapuan lang ng kanilang mata ang itsura ng isang patay-gutom na tulad niya ay mahahawa sila ng dumi. Hindi nila alam na ang dumi ang pinaka-huli sa inaalala niya. Ang laman ng kanyang isip ay walang iba kung hindi pagkain.

Kaya't ngayon siya'y naghihintay. Hindi sa muling pagbagsak ng biyaya kundi sa isang pagkakataon upang mapawi ang hapdi ng kanyang tiyan. Kahit anong uri ng pagkakataon.

At dumating na nga ang hinihintay niyang sandali. Isang pamilya ang lumabas mula sa kainan. Magara ang pananamit, malulusog ang mga pangangatawan. Ay kay sarap talaga ng maykaya – makukuha mo lahat ng iyong pangangailangan. Masaya ang mga ito at nagtatawanan pa habang papalapit sa kanilang sasakyan. Ngunit wala sa kanila ang atensyon ng patay-gutom kundi sa supot na kanilang bitbit palabas.

Ngunit napansin niya ang isa pang tulad niya na nakapwesto sa kabilang gilid ng restawran. Kita niya ang pananabik sa mga mata nito – maaring tulad din ng pananabik sa mga mata niya. *Kailangan ko siyang maunahan*, naisip niya.

Naghanda siya. Minsan lamang dumating ang pagkakataon at hindi niya ito maaaring palampasin. Gagamitin niya ang lahat ng kanyang natitirang lakas. Kailangang matiyak ang tagumpay sa pagkakataong ito.

Hindi alintana ang mga nasa paligid, patakbo niyang tinawid ang kalsada. Lahat ng kanyang atensyon ay ibinuhos sa pagkaing nais agawin mula sa mga taong hindi kailanman nakaranas ng matinding gutom.

Biglang umalingawngaw ang sagitsit ng gulong sa aspaltong kalsada. Kasunod ay ang ingay ng paghampas ng hapis na katawan sa sasakyan.

Wala na siyang maramdaman. Lahat ng gutom at pagod ay dagling naglaho kapalit ng kadilimang bumalot sa kanya.

Mula sa kung saan ay may sumigaw.

"Yung aso!"